

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-22 ng Mayo 2020**

### **ANONG BAGO NGAYONG ARAW**

#### **UPDATE MULA SA KEMH**

Ang mga batch ng resulta ng pagsusuri na isinagawa ng KEMH ay lumabas na negatibo sa COVID-19.

Karagdagang dalawampu't isang (21) swabs ang naproseso sa pinaka bagong batch. Sa kabuuan ay apat na raan at aninnapu't anim (466) na pagsusuri na ang naisagawa dito kasama ang mga nauna na isinigawa sa UK.

Kapag nalaman na ang resulta, kung ito ay hindi positibo sa COVID-19, at kapag ang indibidwal ay tuluyang gumaling sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras, maaari na silang bumalik sa trabaho / paaralan, kasunod ng diskusyon at ng may abiso mula sa isang clinician sa KEMH.

Ibig sabihin din nito, ang mga miyembro ng sambahayan ng mga sintomatikong indibidwal (na inaasahan pa ring mag isolate kasama ng kanilang kapamilya o bubble na may sakit) ay maaaring mapabalik agad sa trabaho / paaralan pagkabalik ng negatibong resulta.

Inaasahan na ang mga panahon ng self-isolation sa mga pagkakataong ito ay mababawasan ng malaki dahil sa oportunidad na makapagsagawa ng pagsusuri dito sa isla.

#### **WOOL**

Simula kahapon, ika-21 ng Mayo, ang mga producer ng wool sa Falkland Islands ay inimbitahan na ikonsidera na ibenta ng mga hindi nabiling wool sa Falkland Islands Government.

#### **EDUKASYON**

Patuloy na naging malakas ang mga attendance sa mga paaralan sa ikalawang linggo pagkatapos na bumalik ang mga estudyante noong ika-11 ng Mayo.

#### **LIBRARY O AKLATAN**

Ang aklatan ay matagumpay na nakapagbukas muli sa Falkland College. Ang aklatan ay mayroong mga hakbang na nakalagay patungkol sa Social Distancing at iba pang mga pag-iingat sa COVID-19.

Ang home delivery service para sa mga tao na hiniling na manatiling socially isolated ay patuloy sa operasyon.

Mayroon ding library service na ibinibigay sa Camp, na kung saan ang Librarian, ay nagsasaayos ng mga libro para ipadala dito.

### **PPE**

Inilathala namin ngayong araw ang patnubay sa kung ang mga trabahador ay kailangang gumamit ng Persona Protective Equipment o PPE.

Ang mga patnubay ay para sa mga taong may mahahalagang ginagampanan ngunit hindi health workers. Ito ay kapaki-pakinabang para sa Gobeyrno at para sa pampridadong sektor.

Ito ay maaaring ma-download mula sa ating COVID-19 web page, sa ilalim ng *Protecting Your Workforce*.

Ito ay hindi patnubay para sa pangkaraniwang publiko. An gaming abiso ay ang publiko ay hindi kailangang magsuot ng face mask maliban na lamang kung inabisuhan ng KEMH.

Sa halip, ikaw ay dapat magsagawa ng social distancing kapag nasa labas, at tandaan na palagi maghugas ng kamay ng mabuti pagkabalik sa iyong tahanan. Ito ay lubos magpo-protekta sa yo sa halip na magsuot ng face mask.

Gayunpaman, tandaan na ang FIGAS ay kasalukuyang nag-rerequire ng face masks para sa mga pasahero nito.